



## LUBOS na PAGTATALAGA ng SARILI kay HESUS sa PAMAMAGITAN ni MARIA ni St. Louis Marie de Montfort



O Karunungan Walang Hanggan at Nagkatawang-tao! O pinakamamahal at Kataas-taasang Hesus! Diyos na totoo at taong totoo, bugtong na Anak ng Diyos Ama na walang-hanggan, at ni Mariang laging birhen! Tunay kitang sinasamba na nasa sinapupunan karilagan ng Ama mula sa simula ng lahat; at sinasamba rin kita sa walang bahid-dungis na sinapupunan ni Maria, ang karapat-dapat Mong Ina sa panahon ng Iyong pagkatawang-tao.

Nagpapasalamat ako sa Iyo dahil sa lahat Mong ginawa sa Iyong pagpapa-kababa, nang Ikaw ay mag-anyong isang alipin upang tubusin ako sa malupit na pagkaalipin sa akin ng demonyo. Pinupuri kita at niluluwalhati pagka't minarapat Mong sumailalim kay Maria, ang Iyong banal na Ina, sa lahat ng bagay, upang gawin akong isang matapat Mong lingkod sa pamamagitan Niya. Nguni't ako'y walang utang na loob sa Iyo at hindi naging matapat, hindi ko tinupad ang mga pangakong ginawa ko sa binyag; hindi ko tinupad ang aking mga tungkulin; hindi ako karapatdapat tawaging anak Mo, ni isang alipin Mo; at yayamang ang lahat ng nasa akin ay dapat Mong ikagalit at ikasuklam, hindi ako nangahas lumapit sa Iyong kabanal-banal at kadaki-dakilang kamahalan. Ito nga ang dahilan ng aking paglapit sa Iyong kabanal-balang Ina, upang siya ang maging tagapamagitan ko sa Iyo. Sa pamamagitan niya ay nais kong makamit sa Iyo ang pagsisipi at kapatawaran sa aking mga kasalanan, ang pagtataglay at pagpapanatili ng karunungan.

Dumudulog ako sa'yo, O Mariang walang dungis-kasalanan, buhay na tabernakulo ng Diyos, na piniling maging tahanan ng Karunungan walang hanggan upang sambahin ng mga anghel at ng mga tao! Binabati kita, O Reyna ng langit at lupa, ang lahat ng nasa ilalim ng kapangyarihan ng Diyos ay ipinasakop sa'yo. Dumudulog ako sa'yo, O ligtas na takbuhan ng mga makasalanan na ang awa ay walang tinatangi. Ipagkaloob Mong aking makamtan ang hangad kong banal na Karunungan at dahil diyan ay tanggapin mo ang mga panata at alay na inihahandog ko sa iyong harapan sa kabila ng aking karukhaan.

Ako si (sabihin ang pangalan), isang makasalanang hindi tapat, ay nagpapanibago at pinagtitibay sa araw na ito sa iyong mga kamay ang aking mga pangako sa binyag. Itinatakwil ko magpakai-lanman si Satanas, ang kanyang mga karangyaan at mga gawa; at ibinibigay kong lubusan ang aking sarili kay Hesukristo, ang Karunungan Nagkatawang-tao, upang pasanin kong kasunod Niya ang aking krus sa lahat ng araw ng aking buhay, at upang maging lalong tapat sa Kanya kaysa panahong nagdaan.

Sa harap ng buong sangkalangitan, hinihirang kita bilang aking Ina at Reyna. Ibinibigay ko at itinatatalaga sa iyo, bilang alipin mo, ang aking katawan at kaluluwa, ang aking mga ari-arian na panlabas at panloob, at maging halaga ng lahat kong mabubuting gawain, noong nakaraan, sa kasulukuyan at sa haharapin. Hinahabilin ko sa iyo ang buong kapangyarihan upang gawin sa akin at sa lahat ng nasa sa akin nang walang itinatangi, ang lalong ikasisiya ng iyong kalooban, sa ikaluluwalhati ng Diyos, sa buhay na ito at magpasawalang hanggan.

Tanggapin mo, O pinagpalang Birhen, ang abang handog na ito ng aking pagka-alipin, bilang pagpaparangal at pakikipag-isa sa pagpapakumbabang ipinakita ng Karunungan walang hanggan sa iyong pagiging ina; bilang isang pagpaparangal sa kapangyarihan ninyong dalawa sa hamak na makasalanang ito, at bilang isang pasasalamat sa tanging biyayang kaloob sa iyo ng Santisima Trinidad. Ipinahahayag ko na magmula ngayon, bilang alipin mong tunay, ay wala na akong ibang hangarin kundi ang hanapin ang iyong karangalan at sumunod sa iyo sa lahat ng bagay.

O Inang kahanga-hanga, ialay mo ako sa iyong mahal na Anak bilang Kanyang walang hanggang alipin upang kung paano Niya akongtinubos sa pamamagitan mo, gayon din naman ay tanggapin din Niya ako sa iyong pamamagitan.

O Ina ng awa, pagkalooban mo ako ng biyayang makamtan ang tunay na Karunungan ng Diyos, at dahil diya'y tanggapin mo at ibilang sa mga tinuturuan mo at minamahal, sa mga inaakay mo, pinakakain, at inaampon bilang iyong mga anak at iyong mga alipin.

O matapat na Birhen, gawin mo ako sa lahat ng bagay na isang ganap na alagad, isang tagasunod at isang alipin ng Karunungan Nagkatawang-tao, si Hesukristong Anak mo upang matularan ko, sa iyong pamamagitan at sa iyong halimbawa, ang Kanyang ganap na kabanalan sa lupa at matamo ang Kanyang kaluwalhatian sa langit. Amen.

**(Totus Tuus) Ako'y Iyong-iyong, at ang lahat ng aking ay Iyo, aking matamis na Jesus, sa pamamagitan ni Maria, ang Iyong Banal na Ina. (maikling bersyon)**